

Ang Alternatibo sa Alternatibong Pamamahayag: Isang Kritikal na Diskursong Analisis sa mga Balita ng AlterMidya

*The Alternative in Alternative Media:
A Critical Discourse Analysis of AlterMidya's News Articles*

CHRISTIAN P. GOPEZ

ABSTRAK

Pangunahing layunin ng pananaliksik na makapag-ambag sa limitadong korpus ng mga pag-aaral hinggil sa alternatibong midya at mailarawan kung paano ginagawang alternatibo ang pamamahayag sa Pilipinas ng AlterMidya – People's Alternative Media Network (AlterMidya), ang pambansa at nag-iisang samahan ng mga alternatibong midya sa Pilipinas. Gamit ang mga kategoryang konseptuwal ni van Dijk at ang modelong may tatluhan-dimensiyon ni Fairclough, antas-antas na sinuri sa pag-aaral ang kalikasan ng pambansang network mula sa paghimay sa mga balitang inilalathala nito (text), patungo sa proseso ng produksiyon at interpretasyon ng teksto (discourse practice), at hanggang sa mas malawak na mga sitwasyon at kontekstong kultural, politikal, historikal, at sosyal na umiiral sa lipunang Pilipino (socio-cultural practice). Lumabas sa pag-aaral na ginagawang alternatibo ng AlterMidya ang pamamahayag sa bansa sa pamamagitan ng pagtaliwas sa kalakaran, nilalaman, at hegemonya na umiiral sa mga dominanteng midya at pagbuo ng sariling sistema, kultura, at tradisyon sa pamamahayag. Inilalarawan ng pambansang network ang lipunan sa pananaw ng mga marhinalisadong pangkat, komunidad, o sektor na karaniwang pinagsasawalang bahala, hindi pinapansin, o kinaliligtaan ng mga naghaharing midya. Gayundin, hindi lamang basta nakakulong ang samahan sa paglalahad ng mga kontra-naratibo sa mga nangingibabaw na kuwento, bagkus ay gumagampan ito ng malaking tungkulin sa nararanasang krisis sa impormasyon ng bansa at sa samu't saring isyu at suliraning umiiral sa lipunang Pilipino.

Mga Susing Salita: AlterMidya, alternatibong midya, kritikal na diskursong analisis, kategoryang konseptuwal

ABSTRAK

The paper aims to contribute to the limited corpus of studies on alternative media and describe how AlterMidya – People’s Alternative Media Network (AlterMidya), the national network of independent and alternative media outfits, institutions, practitioners, and individuals in the Philippines, provides alternative news in the country. Using van Dijk’s conceptual categories and Fairclough’s three-dimensional model, the research analysed AlterMidya’s 1) news articles (text), 2) process of production and interpretation of text (discourse practice), and 3) the existing cultural, political, historical, and social situations and contexts in Philippine media (socio-cultural practice). The results of the study showed that AlterMidya provides alternative news in the country by challenging the dominant capitalist content and practices, and constructing its own system, culture, and tradition in journalism. The national network describes society through the lens of the marginalized groups, communities, and sectors that are underrepresented, misrepresented, or unrepresented in the dominant media. Finally, AlterMidya is not only limited to providing counter-narratives to dominant stories but also plays a pivotal role in the current information crisis and the various issues and problems that exist in Philippine society.

Keywords: AlterMidya, alternative media, critical discourse analysis, conceptual categories



Nahahati sa dalawa ang midya sa Pilipinas—ang dominanteng midya na pagmamay-ari ng malalaki at makakapangyarihang negosyante at korporasyon—at ang alternatibong midya na itinataguyod ng malalaya at progresibong samahan at institusyon sa bansa (Teodoro, *Divide by Two* ix). Ayon pa rin kay Teodoro, kitang-kita sa paghahating ito ang mga dambuhalang pagkakaiba sa wika, paksa, tagapagtangkilik, presyo, at estruktura (ix–x). Dagdag pa niya: “*These divisions in the Philippine press and media define their focus and performance. They are at the roots of the differences in emphasis, editorial, decision-making, and ethical and professional issues that confront a press tradition based on the class divisions that characterize Philippine society itself*” (xi).

Ang paghahating ito ay maiuugnay rin sa dalawang tradisyon na inilarawan ni Encanto hinggil sa pamamahayag sa Pilipinas. Ang una ay ang “tradition of acquiescence” na sumusuporta sa nangungunang ideolohiya ng mga naghaharing uri o sa paglalarawan niya ay “*tradition that tends to reaffirm and protect the status quo. It is also sometimes referred to as corporate media particularly since it emphasizes their predominantly commercial interest*” (xv). Ang ikalawa naman ay ang “*revolutionary tradition*” na nagtatampok ng mga balita hinggil sa hirap na dinanas ng bansa sa pananakop ng mga dayuhan, pagpapatupad ng batas militar, at patuloy na pakikibaka sa pagkakaroon ng tunay na kalayaan at pagkabansa (xv).

Kapansin-pansin sa mga paghahati at tradisyong ito ang hegemonya at ang malawakang impluwensiya ng dominanteng midya sa kaisipan, lipunan, at diskursong Pilipino. Ayon nga sa pag-aaral ng US-based Pew Research Center (PRC) noong 2017, isa ang Pilipinas sa mga bansa sa buong mundo na pinakanagtitiwala sa mga dominanteng midya (Martin) at mas itinuturing ito ng mga Pilipino bilang “*legitimate*,” “*official*,” at “*true*” kumpara sa iba pang uri ng midya (Ilda). Sa kabila ng pamamayaning ito ng mga dominanteng midya, hindi natinag ang mga alternatibong midya na nag-ugat pa sa rebolusyonaryong tradisyon na umusbong mula pa noong kolonyalismong Espanyol sa paglalahad ng mga mapanuring argumento na nagsisilbing kontra-naratibo sa umiiral na *status quo* at naghahatid ng mga obhetibong balita na kadalasan ay pinagsasawalang bahala, hindi pinapansin, nakaliligtaan, o kinaliligtaan ng mga naghaharing midya sa ngalan ng kita: “*The alternative press has had a longer history than is usually thought, and has played the crucial role of providing the accurate information needed at the heights of the perennial crisis that has defined Philippine reality for over a century. The core reason for this distinctive capacity is its not being burdened with the political and economic ties that characterize the dominant press, which during the Spanish period was controlled by the colonial government, and from the period of US Colonial rule to the present has been controlled by political and business interests*” (Teodoro, *Divide by Two* 34).

Bagaman mahaba na ang naging kasaysayan at malawak na ang naging ambag ng mga itinuturing na maliliit subalit progresibo at malayang uri ng midya sa bansa, hindi karaniwang pinag-aaralan ang

mga ito o binabanggit sa mga aklat, saliksik, at iba pang daluyan ng impormasyon na mapatutunayan sa simpleng pagtingin sa mga umiiral na dokumento sa kasalukuyan. Ang mas malala pa nga ay maaaring wala o limitado ang kamalayan ng karamihan sa mga Pilipino hinggil sa alternatibong midya katulad ng lumabas sa pag-aaral nina Klawier, Prochazka, at Schweiger (1). Sa paglalarawan nga ni Fuchs, “*under-resourced*,” “*under-represented*,” at “*under-researched*” na larangan ng pamamahayag ang alternatibong midya o ang tinaguriang “*neglected spot in communication and media studies*” (189). Bukod dito, malaking kontrobersiya rin ang pagpapakahulugan sa alternatibong midya. Ayon kay Abel, “*undefinable*” o mahirap bigyang kahulugan ang alternatibong midya (nasa Waltz 2), kaya, mainam na madalumata muna at matiyak ang kalikasan at katangian nito (kung hindi man ang kahulugan) at ang kaibahan nito sa iba pang uri o porma ng midya. Sa pagpapakahulugan naman ng Royal Commission on the Press, ang mga alternatibong publikasyon ay tumutugon sa opinyon ng minority o ang mga hindi pinakikinggan, tinatalakay, o ibinabalita ng mayorya o dominanteng midya (nasa Atton 12). Dagdag pa nila, “*it expresses attitudes hostile to widely-held beliefs and espouses views or deals with subjects not given regular coverage by publications generally available at newsagents.*” Payak naman ang dekonstruksiyong inilalahad ni Waltz hinggil sa alternatibong midya. Ayon sa kaniya, inilalarawan nito ang mga midyang alternatibo, kakaiba, o salungat sa *mass media* na malawakang binabasa at tinatangkilik ng madla. Nagtataguyod ito ng pagbabagong panlipunan at naglalahad ng mga punto de bista na tumutugon sa mga komunidad o grupo ng tao na hindi napagtutuunan ng pansin o hindi lubusang naaabot ng mass media. Dagdag pa niya, pokus ng uri ng midyang ito ang mga paksa o isyu na hindi pangkaraniwan o pang-araw-araw na mababasa o matatagpuan sa mga tipikal at malalaking pahayagan, magasin, at telebisyon (2). Suportado ni Lilburn ang argumentong ito sa pagsasabing ang alternatibong midya ay nagbibigay ng boses sa “mainstream” na kalimitang hindi pinakikinggan ng “mainstream media”. Samakatwid, hindi lamang nakakulong ang konsepto ng alternatibong midya sa paglalahad ng impormasyon na hindi matatagpuan sa dominanteng midya at sa paglalathala ng mga kontra-naratibo sa mga nangingibabaw na istorya, bagkus ay kumakawala ito sa pamamagitan ng pagtataguyod at pagsisilbing

bores sa mga pinipipi ng naghaharing uri ng midya. Sa tala nga nina Downing, hindi lamang basta “counterinformation institutions” ang mga ito bagkus ay “agents of developmental power” (nasa Haas 115).

Kung gayon, higit kailanman, ngayon ang panahon ng alternatibong midya. Ngayon ang panahon na marapat pinagaaralan at pinagtutuunan ng pansin ang mga alternatibong midya sa Pilipinas. Ngayon ang panahon na marapat inilalarawan at binibigyan ng kahulugan ang alternatibong midya sa kontekstong Pilipino. Ngayon ang panahon na marapat pinakikinggan ang tinatawag ni Maceda na “mga tinig mula sa ibaba”—mga tinig ng mga alternatibong mamamahayag na nagbibigay ng alternatibong tindig at pananaw hinggil sa kasaysayan, kultura, at lipunang Pilipino.

Sa pag-aaral na ito, itinuon ang pansin sa pagsusuri sa kung paano ginagawang alternatibo ng AlterMidya – People’s Alternative Media Network (AlterMidya) ang pamamahayag sa Pilipinas. Ang AlterMidya ay ang pambansang samahan ng mga alternatibong midya sa bansa na itinatag sa layuning magsiwalat at bumalikwas sa dimakataong taktika ng dominanteng midya, alalahanin o kung kinakailangan ay muling buuin ang konsepto, tungkulin, at paninindigan ng mga alternatibong midya sa bansa, at itaas ang kamalayan, pakikisangkot, at pagtugon ng mga mamamayan sa mga balita, isyu, at suliraning panlipunan (Teodoro, *Divide by Two* 33). Kinabibilangan ito ng mga malaya at progresibong indibiduwal, organisasyon, at institusyong pangmidya na naitatag sa isang pambansang kumperensiya ng alternatibong pamamahayag sa Kolehiyo ng Pangmadlang Komunikasyon, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman noong Oktubre 2014. Kabilang sa mga itinuturing na kasapi ang sumusunod:

1. **Radyo:** Dampig Katarungan, Radyo Natin Guimba, Radyo Sagada, at RCPA Productions;
2. **Online and Print News:** Arkibong Bayan, Bicol Today, Bulatlat, Buhay Manggagawa, Eastern Vista, Davao Today, Northern Dispatch Weekly, Manila Today, Panay Today, at Pinoy Weekly;
3. **Multimedia:** Aninaw Productions, Baretang Bikolnon, Film Weekly, Kilab Multimedia, Kodao Productions, Paghimutad, Pokus Gitnang Luzon, Mayday Multimedia, Sine Panayanon,

Southern Tagalog Exposure, The Breakaway Media, Tignayan Productions, at Tudla Productions; at

4. **Institusyong**: College Editors Guild of the Philippines, Computer Professionals' Union, Farmers Development Center, Ibon Foundation, at Pinoy Media Center.

Marapat itala na ang naging pokus sa papel na ito ay ang mismong nabuong pambansang network noong 2014 at hindi ang tatlumpu't dalawang (32) radyo, online at print news, multimedia, at institusyong na naitala sa itaas. Napili ng mananaliksik na maging pokus ang mismong pambansang network at ang mga balitang inilalathala nito sapagkat ito ang nag-iisang samahan ng mga alternatibong midya sa Pilipinas at mahaba-haba na rin ang naging lakbayin nito mula nang maitatag noong 2014. Gayundin, ang pagtutok sa mga balitang inilalathala ng pambansang network ay hindi lamang magbibigay sa mananaliksik ng delimitasyon at malinaw na tuon, bagkus ng pangkalahatang representasyon sa mga balitang inilalathala ng mga kasaping alternatibong midya. Mahalaga rin na hangga't maaga pa ay mabigyan na ng puwang ang kalikasan ng AlterMidya bilang bahagi ng mas malawak na kasaysayan ng pamamahayag sa bansa. Kailangan ding itala na bagaman noong 2014 lamang naitatag, ang totoo ay malalim at mahaba na ang naging karanasan ng network sapagkat maaaring maugat ang kasaysayan nito sa kasaysayan ng pagsisimula, pag-unlad, at pakikibaka ng mga kasaping midya.

Pangunahing sinasagot ng pag-aaral ang sumusunod na tanong: Ano ang mga nangingibabaw na katangian ng mga balitang inilalathala ng AlterMidya? Paano nila inilalarawan ang lipunang Pilipino? Paano nakaaapekto ang mga kontekstong historikal, kultural, politikal, at sosyal na umiiral sa Pilipinas sa mga balitang inilalathala at sa proseso ng produksiyon at interpretasyon ng network?

ANG CRITICAL DISCOURSE ANALYSIS

Pangunahing sandigan ng pag-aaral ang *Critical Discourse Analysis* (CDA), isang interdisiplinaryo at *problem-oriented* na pagdulog sa pananaliksik na kinapapalooban ng iba't ibang pamamaraan at agenda na may kani-kaniyang sinasaligang teorya. Nagkakaisa ang mga tagapagtaguyod nito na walang nag-iisang bersiyon ang CDA. Ang mas mahalaga

ay iisa ang pagtingin ng mga gumagamit nito sa wika bilang lunsaran ng konstruksiyong panlipunan: "*language both shapes and is shaped by society*" (Machin at Mayr 4). Kung gayon, hindi lamang interesado ang CDA sa pag-aaral sa mga lingguwistikong aspekto ng isang teksto bagkus ay sa pagsusuri sa mas malalawak na penomenong panlipunan na nangangailangan ng *multidisciplinary* at *multi-methodical* na pagdulog (Wodak at Meyer 2). Nais masuri ng CDA ang ibang aspekto ng lingguwistika na hindi lamang nakasalig sa balarila kundi nakasandig sa konteksto ng sitwasyon at institusyong panlipunan.

Samantala, naghain naman si Norman Fairclough ng konseptong may tatluhang-dimensiyon upang maisagawa ang CDA. Nakapaloob sa unang dimensiyon ang paglalarawan sa teksto bilang produkto sa halip na isang proseso—isang produkto ng proseso ng produksiyon ng teksto (*text analysis*). Bahagi naman ng ikalawang dimensiyon ang pagsusuri sa proseso ng produksiyon at sa proseso ng interpretasyon (*process analysis*). Binibigyan ng kahulugan sa antas na ito ang mga nakasanayang diskurso at proseso kung paano nabubuo ang isang diskurso. Sa ikatlong dimensiyon naman isinasakonteksto ang diskurso sa mga kalagayang panlipunan (*social analysis*). Saklaw ng antas na ito ang mga panlipunang kondisyon sa produksiyon at interpretasyon ng diskurso. Samakatwid, ipinakikita ng tatlong antas na ito ang tatlo ring mahahalagang konsepto sa CDA: 1) ang wika bilang bahagi ng lipunan; 2) ang wika bilang gawing panlipunan; at, 3) ang wika bilang bunga ng kalagayang panlipunan (Fairclough 26).

Sa ganitong balangkas, tatlong dimensiyon din ang sakop ng pag-aaral. Saklaw ng unang antas ang paglalarawan sa teksto o sa mga katangiang lingguwistiko ng mga artikulong inilathala ng AlterMidya. Sapagkat natuklasan na website ang pangunahing plataporma ng pambansang network sa paglalathala, unang isinagawa ng mananaliksik ang pagbuo ng isang imbentaryo ng lahat ng mga artikulong nailimbag ng pambansang network sa opisyal na website nito sa www.altermidya.net mula nang magsimula ito noong 2014 hanggang Disyembre 2019 (AlterMidya – People's Alternative Media Network). Kinakailangan ang imbentaryo upang magkaroon ng pangkalahatang kaalaman sa mga artikulong inilalathala ng network. Mula rito, natuklasan na may walong genre na ginagamit ang samahan (sa mananaliksik ang salin):

1. Balita at Lathalain (*News and Features*)
2. Kolum (*Column*)
3. Pahayag (*Statements*)
4. Mga Isyung Pangmidya (*Media Issues*)
5. Editorial (*Editorial*)
6. Mga Gawaing Pang-Network (*Network Activities*)
7. Sining at Kultura (*Arts and Culture*)
8. Mula sa Network (*From the Network*)

Pinakamaraming artikulo ang naitala sa genre na *Balita at Lathalain* o katumbas ng halos 59% ng kabuuang 217 na artikulong nailathala ng AlterMidya. Kung gayon, pinili ng mananaliksik ang lahat ng mga balita na nailathala ng samahan bilang sample sa ginawang pagsusuri. Hindi sinuri sa unang antas ang mga artikulo na nasa iba pang kategorya at maging ang mga video, larawan, at/o biswal na simbolo na kasama ng mga balita. Sa isinagawang imbentaryo, lumabas na 63 ang lahat ng balitang nailathala ng AlterMidya mula 2014 hanggang 2019. Limampu't tatlo (53) sa mga ito ang nasa wikang Ingles at 10 naman ang nasa wikang Filipino. Pinili ng mananaliksik ang 53 balita na nasa Ingles dahil bukod sa mas marami ito, mas ginagamit ng pambansang network ang wikang Ingles sa pamamahayag. Iniwasan din ang pagkakaroon ng suliranin sa pagsusuri ng datos kung pagsasamahin ang dalawang wika na may magkaibang kalikasan.

Ginamit naman sa pagsusuri ng mga natagpuang balita ang konsepto ng *schematic structure* o *superstructure schema of news discourse* ni Teun van Dijk. Naniniwala si van Dijk na ang anyo at kahulugan ng isang balita ay hindi arbitraryo bagkus ay bunga ng proseso ng produksiyon at interpretasyon ng manlilikha nito ("Structures of the News Press" 70). Ang mga balitang ito ayon pa sa kaniya ay mayroong mga pangkalahatang anyo at iskema na kinapapalooban ng mga kategoryang maaaring magtakda o bumuo sa diskurso o nilalaman nito.

Sa pagsusuri, paunang isinagawa ang konseptuwal na kategorisasyon sa mga balita batay sa sumusunod na kategoryang konseptuwal na itinatakda ni van Dijk (sa mananaliksik ang salin):

1. Ulo ng Balita (*Headline*)
2. Pamatnubay (*Lead*)
3. Pangunahing Pangyayari (*Main Event*)
4. Bunga ng Pangyayari (*Consequence*)
5. Mga Pagbanggit (*Verbal Reaction*)
6. Pangyayari sa Nakaraan (*Previous*

Event)

7. Kasaysayan (*History*)
8. Ebalwasyon (*Evaluation*)
9. Inaasahan (*Expectation*)

Ang pagsusuri ay nasa antas ng pangungusap o talata depende sa natagpuang anyo sa bawat balita. Binigyan ng code ng mananaliksik ang bawat balita (ALT01, ALT02, ALT03...ALT53) at tinukoy kung anong kategoryang konseptuwal ang ipinakikita ng bawat pangungusap o talata sa pamamagitan ng paglalagay ng sumusunod na koda:

H: *Headline*

L: *Lead*

ME: *Main Event*

CON: *Consequence*

PE: *Previous Event*

HI: *History*

VR: *Verbal Reaction*

EV: *Evaluation*

EX: *Expectation*

Gayundin, upang matiyak ang kawastuhan at kaangkupan ng pagsusuring isinagawa, hiningi ng mananaliksik ang tulong ng dalawang inter-coder na nagsilbing tagasuri sa kategorisasyon. Ang una ay *Ph.D.* sa *Applied Linguistics* samantalang ang ikalawa naman ay *MA* sa *English Language Education*. Komprehensibong ipinaliwanag at inilarawan ng mananaliksik sa dalawa ang kalikasan ng gagawing konseptuwal na kategorisasyon bago ang aktuwal na coding. Sa mga pagkakataong may hindi tugma sa coding sa pagitan ng mananaliksik at ng mga inter-coder, ginawa ang sumusunod: 1) pagpapaliwanag sa dahilan ng paglalapat sa kategoryang inilagay kapuwa ng mananaliksik at mga inter-coder; 2) muling pagbasa at pagsusuri sa balita; at 3) pagkakasundo sa pinal na kategorya. Tingnan ang talahanayan 1 para sa halimbawa ng kategorisasyong isinagawa.

ALT41: Students enraged at retraction of free tuition policy in SUCs (H)

1. STUDENTS from the University of the Philippines (UP) Diliman expressed their indignation over the cancellation of the free tuition policy in state universities and colleges (SUCs). (L)
2. In front of UP Diliman's College of Arts and Letters building, students gathered yesterday and protested against the UP administration's withdrawal of its initial announcement to suspend tuition fee collection in the university. (ME)
3. "Being a student council member, we see the dismay, anger, and disappointment of fellow students," said Isaac Punzalan, a representative of the UP Diliman university student council. "Pinaasa na naman kami, patuloy ang paniningil sa amin, at patuloy ang pagkakamal ng kita mula sa mga estudyante." (VR)
4. On July 11, UP Diliman Chancellor Michael Tan officially announced the suspension of tuition collection for first semester 2017-2018. The suspension was made despite Pres. Duterte's veto message limiting the coverage of the P8.3-billion budget for free tuition in state universities and colleges (SUCs) due to "budget limitations". Other chancellors from different UP units also reportedly met to discuss the possibility of following Diliman's suspension. (PE)
5. But in a memorandum released on August 1, UP President Danilo Concepcion announced that the initially-approved "free tuition policy" for academic year (AY) 2017-2018 would be revoked. "In the assessment of tuition and other fees, and in providing financial support to students from low-income households, UP shall use the Socialized Tuition System for AY 2017-2018," Concepcion's statement read. (PE)
6. **Socialized Tuition (H)**
7. It should be recalled that in December 2016, the Congress approved the P8.3-billion additional budget for the Commission on Higher Education (CHED) for free tuition in SUCs. However in his speech on the 2017 national budget, Pres. Duterte announced the "conditional implementation" of the free tuition policy. (HI)
8. CHED and the Department of Budget and Management (DBM) also released a joint memorandum in April stating that given the budget limitation, a system of priority will be put in place. Student beneficiaries of nationally-funded student financial assistance programs will be the first to be enrolled. After that, the remaining students will be prioritized based on the given bracket. (PE)
9. But the Student Alliance for the Advancement of Democratic Rights in UP (STAND UP) believes that the state university's cancellation of the free tuition policy is a result of its "profit agenda". According to the group, UP stands to earn at least P370 million from the funds of the free tuition policy (FTP). This, the student group said, is on top of the profits from the university's Socialized Tuition System (STS) as well as other miscellaneous fees. (VR)
10. "Sa halip na gamitin ang budget ng FTP 2017 para gawing libre ang edukasyon, tinitiyak pa rin nito na ilan lamang ang makakakuha ng libreng matrikula. Dagdag pa, pilit ipinapalunok sa mga mag-aaral ang Socialized Tuition Scam na sa esensya ay iskema ng panghuhuhot ng UP," STAND UP said in a statement. (VR)
11. "Patunay na hanggang komersyalisado ang pamamaraan ng paggana ng ating pamantasan, wala tayong aasahan mula rito kung hindi walang katapusang paniningil," it added. (VR)
12. According to Punzalan, students have long demanded for the abolition of the socialized tuition system. "Napatunayan natin na kapag tayo ay nagbabayad ng tuition, nagiging profit ito ng administrasyon na lumobo over the years- ilang bilyones pero hindi siya napupunta sa benepisyo ng estudyante," Punzalan said. (VR)
13. **'Failed promise' (H)**
14. Punzalan expressed how the UP administration and Pres. Rodrigo Duterte failed in the youth's legitimate call for free education. (VR)
15. "Naging malaki kasi ang kampanya talaga ng free education, at noong nag-allocate na ng P8.3 billion pesos na additional budget para sa free tuition sa SUCs, very victorious talaga ito. Batay sa suri natin, talagang kaya nilang mag-allocate ng budget sa lahat ng SUCs," Punzalan explained. (VR)
16. Now, the students are enraged at the Duterte administration's removal of the P8-billion free tuition allocation in the proposed 2018 budget. Moreover, ACT Teachers party-list representatives Antonio Tinio and France Castro revealed that the budget allocation for the CHED would decrease from this year's P18.7 billion to P12.42 billion in 2018 or a huge 33.6

percent budget cut. (VR)

17. “Ang nakikita natin dito, gagawa at gagawa ng paraan ang pamahalaan para hindi nito tugunan ang panawagan at pangangailangan ng mga estudyante,” the student council officer said. (VR)

18. **Collective Action (H)**

19. Amid the state university’s decision, the students vowed to continue their protest against tuition fee collection. (VR)

20. “Syempre simula’t sapul naman di talaga tayo naniniwala na dapat sinisingil at dapat binibigyan ng presyo yung karapatan natin sa edukasyon. Tinututulan natin ang tuition, in its very essence ang pagkulekta nito dahil ito mismo ang pangunahing hadlang sa mga estudyante para makamit nila ang edukasyon,” Punzalan explained. (VR)

21. The students will conduct a series of university-wide protests for the whole month, including a broad mobilization on August 31. They also plan to organize educational discussions to enlighten and gather the support of more university students on the demand for free education. (EX)

22. “Nakikita natin na doon mismo sa militant collective struggle ng mga estudyante, nakakamit tayo ng tagumpay,” Punzalan said. (VR)

Talahanayan 1. Halimbawang Pagsusuri sa ALTA1

Samantala, sakop naman ng ikalawang antas ang paglalarawan sa mga gawing pandiskurso ng pambansang network. Gamit ang resulta sa pagsusuring isinagawa sa 53 balita sa unang antas at ang mga isinagawang panayam sa pambansang tagapangulo, pambansang tagapag-ugnay, at apat na mamamahayag ng *media network*, tinalakay sa ikalawang antas kung paano nabubuo ang teksto ng AlterMidya at kung paano nakaaapekto ang layunin, paninindigan, pinagmumulan ng pondo, proseso ng pamamahayag, komposisyon ng tagapagtangkilik, at sistema ng distribusyon na umiiral sa samahan sa nilalaman ng mga balitang inilalathala nila.

Gayundin, sapagkat hindi maihihiwalay ang teksto at ang mga gawing pandiskurso sa mga pangyayari at kalagayang panlipunan, tinalakay sa ikatlong antas ang ugnayan ng nilalaman at ng proseso ng produksiyon at interpretasyon ng AlterMidya sa mga kontekstong historikal, sosyal, kultural, at politikal na umiiral sa Pilipinas. Tinalakay sa antas na ito ang teksto at diskurso bilang produkto na “nakatanim sa isang pangyayari, sa mas malawak na institusyon o organisasyon, at sa lipunan” (Narvaez 31). Ipinaliwanag dito kung paano nakaaapekto ang mga isyu at kalagayang panlipunan na umiiral sa bansa at ang pagiging alternatibong midya ng samahan sa resulta ng isinagawang pagsusuri sa mga balita at sa proseso ng produksiyon at interpretasyon ng teksto na umiiral sa network.

ANG ALTERNATIBONG BALITA BILANG TEKSTO NG ALTERMIDYA

Binubuo ng 30,766 na salita at 875 na talata o pangungusap ang 53 balitang sinuri. Makikita sa talahanayan 2 na sa pangkalahatan, ang bawat balita ay binubuo ng 16 hanggang 17 talata o pangungusap at 580–581 na salita. Sa paghahanay, natuklasan na sa kabuuang 875 talata o pangungusap na mayroon ang 53 balita, 350 sa mga ito ang nasa kategoryang *verbal reaction* (VR) o katumbas ng 40% (tingnan ang pig. 1). Samakatwid, pinakamarami sa mga sinuri ay VR sa kabila ng pagiging opsiyonal ng kategoryang ito sang-ayon kay van Dijk. Samantala, umabot naman sa 180 o 20.57% ang *main event* (ME) at 101 o 11.54% ang *headline* (H). Ang dalawang ito ang natatanging mandatoryong kategorya sa mungkahing estruktura ni van Dijk. Sa kaso ng AlterMidya, lumabas na tatlo hanggang apat sa mga pangungusap ng bawat balita ang nasa kategoryang ME at isa hanggang dalawa naman ang nasa H. Bagaman isa lamang ang mandatoryong bilang ng H sa bawat balita, dahil sa mga *subheadline* na taglay ng ilang balita, halos dumoble ang kabuuang bilang nito. Natuklasan din na 84 sa mga sinuri ang nasa *previous event* (PE) o 9.6%. Nangangahulugan ito na taglay ng bawat balita ng AlterMidya ang isa hanggang dalawang PE kahit hindi rin mandatoryo ito. Bagaman opsiyonal din, 45 sa mga sinuri ang may *lead* (L). Samantala, nakakuha naman ng pinakamaliliit na bahagdan ang sumusunod na mga opsiyonal na kategorya: *evaluation* (38 talata o 4.34%), *consequence* (31 talata o 3.54%), *expectation* (24 talata o 2.74%), at *history* (22 talata o 2.51%). Nangangahulugan itong hindi konsistent na mayroong EV, CON, EX, at HI ang mga balita ng AlterMidya. Sa pangkalahatan, mahihinuha sa paghahanay na isinagawa na palaging taglay ng mga balita ng pambansang network

ang sumusunod na kategoryang konseptuwal: *verbal reaction*, *main event*, *headline*, *previous event*, at *lead*.

	Salita	Pangungusap o Talata
Kabuuan	30,766	875
Mean	580.49	16.51
Standard Deviation	241.86	7.01

Talahanayan 2. Kabuuang Bilang ng mga Salita at Pangungusap

Sa mga sinuring VR, kapansin-pansin na dominado ng mga nasa “minority” o oposisyon ang mga natagpuang aktor sa balita. Ayon kay van Dijk, ang pagkakaroon ng VR sa balita ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamahayag na maglahad ng mga opinyon na hindi kinakailangang nagmula sa kanila subalit dahil totoong sinabi ito ng mga aktor o tagapagsalita sa isang diskurso ay maituturing na mga obhetibong impormasyon (“News as Discourse” 56). Gayunman, sang-ayon pa rin sa kaniya, ang pagpili sa mga isasamang aktor o tagapagsalita ay kadalasang nagiging suhetibo. Sa pag-aaral nga ni Downing, lumabas na mas madalas na binabanggit sa mga balita sa dominanteng midya ang mga tao o grupo ng tao na kabilang sa mayorya, administrasyon, o mga prominenteng personalidad at politiko kumpara sa minority, mahihirap, o karaniwang tao kahit pa direkta itong patungkol sa kanila:

Minority group members, like Black African leaders, are quoted less often than white spokespersons, even in accounts of events that directly concern them. Similarly, in our 1981 press data we found that of all speakers in the minority news, 70% are white autochthonous Dutch (mostly institutional spokespersons, such as politicians), despite the fact that in most of the news reports (61%) minorities were major actors. The 1985-1986 data show a similar picture. Majority group actors are quoted in nearly half of all occurrences but minority actors are quoted only 25% of the time (nasa van Dijk, News Analysis 191).

Ganito rin ang sitwasyon sa Pilipinas. Sa pag-aaral na isinagawa ni Flores noong 2016 sa tatlong nangungunang *online broadsheet* sa bansa (Inq.net, philstar.com, at MBO), lumabas na sa 1,168 na aktor, 751 o 62.59% sa mga ito ang mula sa mayorya samantalang 437 lamang o 37.41% ang galing sa minority. Hindi rin naiiba ang resulta sa isinagawang pag-aaral ni Labrido noong 2017 sa *evening television news programs* na 24 Oras, TV Patrol, Aksyon, at Teleradyo. Lumabas sa kaniyang pagsusuri na dinodomina ng sangay ehekutibo ang mga pagbanggit sa *early evening news* (270). Kung pagsasama-samahin ang mga pagbanggit sa mga kategoryang ito ni Labrido, lumalabas na 69% sa mga *news actor* mula sa mga sinuring programa ay bahagi ng administrasyon o “mayorya” kumpara sa 19% na pagbanggit sa mga karaniwang tao (271).

Malaki ang kaibahan ng nabanggit na sitwasyon sa dominanteng midya sa resulta ng pagsusuring isinagawa ng mananaliksik sa mga natagpuang VR sa mga balita ng AlterMidya. Lumabas na mas marami sa mga tao o organisasyon na isinama sa diskurso ng AlterMidya ay mula sa oposisyon o kabilang sa “minority.” Sa kabuuang 161 na pagbanggit sa mga aktor, 20 lamang dito o 12.42% ang nagmula sa administrasyon, samantalang 141 o 87.58% ang nanggaling sa oposisyon. Ilan sa mga paulit-ulit na binanggit ay ang sumusunod: *National Democratic Front of the Philippines (NDFP)*, *Communist Party of the Philippines (CPP)*, *Unyon ng mga Manggagawa para sa Agrikultura (UMA)*, *Kilusang Mayo Uno (KMU)*, *the New People’s Army (NPA)*, *BAYAN*, *Karapatan*, at ang mga tsapter ng mga samahang ito sa probinsiya. Karaniwang nilalaman nito ang mga batikos sa mga aksiyon ng pamahalaan o pagkadismaya sa mga kompanya, sektor, lugar, at sitwasyon na kinabibilangan o nararanasan. Ibig

sabihin, mas marami sa mga tao, organisasyon, o sektor na isinama sa dikurso ay mula sa oposisyon o mga progresibo, kritikal, o hindi bahagi ng pamahalaan. Ibang-iba ito sa karaniwang sitwasyon ng mga nasa “minorya” sa dominanteng midya na karaniwang hindi napagtutuunan ng pansin. Sa paglalarawan nga ni Labrido: “*They are not treated deferentially as sources of authority; rather they are shown either giving an opinion or reacting emotionally to issues through interview sound bites*” (271).

Hindi rin dominado ng mula sa National Capital Region (NCR) ang mga isinama sa diskurso sapagkat marami ang mga pagbanggit sa mga tao o samahan na mula sa iba’t ibang rehiyon, probinsiya, at kultura. Palagi ring nababanggit ang mga karaniwang tao na may direktang kaalaman o danas sa partikular na pangyayari na tinatalakay sa balita. Kapansin-pansin din na bagaman may mga pagbanggit sa mga nasa “mayorya” o administrasyon, nakita na ang iba rito ay mga lider din na galing sa mga progresibong samahan na nabigyan ng pagkakataong manungkulan sa pamahalaan katulad nina dating Department of Agrarian Reform Secretary Rafael Mariano, dating Department of Social Welfare and Development Secretary Judy Taguiwalo, at dating National Anti-Poverty Commission Secretary Liza Maza. Nabanggit din sina Peace Adviser Jesus Dureza at Government of the Republic of the Philippines (GRP) Negotiating Panel Chairperson Silvestre Bello III.

Samantala, 62.26% naman sa mga balitang sinuri sa pamamagitan ng mga *main event* (ME) ay tungkol sa terorismo, militarisasyon, pambansang seguridad, o usapang pangkapayapaan. Karamihan ay nakapokus sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaang Duterte o ng GRP at ng NDFP, at sa mga samu’t saring uri ng panggigipit na nararanasan ng mga katutubo, kasapi ng maka-Kaliwang grupo, at ordinaryong tao sa kamay ng mga militar o ng mga mas makakapangyarihan sa lipunan. Isinasakonteksto ng mga balita ang mga tunggalian at engkuwentro sa pagitan ng pamahalaan at maka-Kaliwang grupo sa pananaw ng huli na karaniwang hindi nababanggit o *misrepresented* sa mga dominanteng midya.

Ang mga resultang ito ay hindi nalalayo sa kinalabasan ng pagtukoy na isinagawa ng mananaliksik sa mga salita na pinakamaraming beses na nabanggit sa 53 balita. Gamit ang AntConc, isang libreng *frequency analysis computer software*, napag-alaman na ang tatlong salitang pinakamaraming beses na natagpuan sa mga balitang sinuri ay “duterte,” “peace,” at “military.” Ang palaging pagbanggit sa “duterte” na karaniwang nakakabit sa mga salitang “government,” “administration,” at “regime” (tingnan ang pig. 2) ay hindi kataka-taka lalo pa’t si Pangulong Duterte ang mukha ng pamahalaan sa iba’t ibang patakaran, kontrobersiya, at isyu na kinasasangkutan nito.

The screenshot shows the AntConc interface with the 'Concordance Hits' window open. The search term is 'Duterte'. The results are displayed in a table with columns for Hit, KWIC, and the concordance text. The text shows various contexts where 'Duterte' is used, often followed by 'administration' or 'government'.

Hit	KWIC	Concordance Text
1		the massacre. (ME) ALT50: Pork and cuts: Duterte admin \xD4whips same old recipe\xD5
2		said, \xD2At this time, when the Duterte administration appears focused on moves like pull
3		for the welfare of the people, the Duterte administration has beefed up the funding for
4		2We have reason to believe that the Duterte administration has orchestrated this cyber attack
5		reports on issues critical to the current Duterte administration, including stories about the illeg
6		with fomenting disinformation and fake news, the Duterte administration is hell-bent on silencing what
3		recipe\xD5 for proposed 2019 budget (H) 1. THE DUTERTE administration is reshaping the same old recipe
4		local and international funding institutions. The Duterte administration is set to borrow P624.4 billion
5		, denouncing the killing of 46 farmers under the Duterte administration. (ME) 3. According to the KMP, the
6		its implementation of the EDCA under the Duterte administration. (ME) 4. \xD2The Philippines is st
7		first worker\xD5s strike under the Duterte administration. RFC workers in Canlubang meanwhile
8		g\xCAAllyansang\xCAMakabayan (BAYAN) called on the Duterte Administration to halt the implementation of uneq
9		ng for meaningful socioeconomic reforms under the Duterte administration. (VR) ALT10: \xD4Comprehensive a
10) 16. Now, the students are enraged at the Duterte administration\xD5s removal of the P8-
11		21 cases in the IPT 2018, which include the Duterte administration\xD5s \xD2violations on economic,
12		ary instigators of neoliberal policies within the Duterte administration.\xD3 (VR) ALT33: CPP: Duterte\xD5
13		imes.\xD3 (VR) 19. Furthermore, the CPP cautioned Duterte against \xD2fascist zealots of the US
14		, respects the\xCAceasefire order of GPH Pres. Duterte, and strictly adheres to the\xCADirective of
15		that he will make recommendations to President Duterte and the cabinet tomorrow morning. (VR) 10. \xD2
16		no people\xD5 (H) 1. PHILIPPINE President Rodrigo Duterte and US President Donald Trump are set

Fig. 1. Halimbawang Pagsusuri Gamit ang AntConc

Bagaman 2016 lamang din nagsimulang hawakan ni Pangulong Duterte ang pinakamataas na posisyon sa bansa, bago pa ito ay maingay na ang kaniyang pangalan sa buong kapuluan kaya nagiging laman na ng mga balita at istorya. Gayundin, 22.64% sa lahat ng mga balitang sinuri ay

tungkol sa “pamahalaan” o sa mga polisiya, aksiyon, gawain, at batas na isinasakatuparan ng gobyerno at sa tugon ng mga mamamayan, kaya hindi maiiwasan na hindi maisama ang pangalan ng pangulo sa diskurso ng mga ito. Pumangalawa naman ang salitang “peace” na mayroong 129 na pagbanggit at karaniwang nakatabi sa mga salitang “talks,” “negotiations,” “process,” at “advocates.” Nailahad na sa itaas na isa sa mga kadalasang pokus ng mga balitang sinuri ay usapang pangkapayapaan o *peace talks* na naganap sa pagitan ng pamahalaan at NDFP. Ang salitang “military” naman ay karaniwang nakakabit sa salitang “operations.” Mapapansin sa mga balita ang negatibong imahen ng mga nasa hanay ng militar dahil sa mga balitang nakatuon sa mga operasyon nila na kumitil sa buhay ng mga karaniwang tao o ng mga kasapi ng maka-Kaliwang grupo, at sa mga paglabag nila sa mga karapatang pantao at iba’t ibang kasunduan. Ang iba pang mga salita na naitala sa *word list* ng AntConc ay ang sumusunod: “government,” “ndfp,” “npa,” “people,” “philippines,” “national,” “rights,” at “law. Samantala, ang pokus naman ng natitirang mga balita ay mga pangyayari na may direktang kaugnayan sa relihiyon, sining, at kultura. Kapansin-pansin din na walang balitang nailathala ang AlterMidya mula 2014 hanggang 2019 na mauuri sa sumusunod: Kalusugan, Pampalakasan, Negosyo, Showbiz o Libangan, Naiibang Balita, Aksidente o Sakuna, at Panahon o Kapaligiran. Iba ito sa resulta na lumabas sa pag-aaral ni Ladrado sa mga news programs ng mga nasa dominanteng midya partikular ang 24 Oras, TV Patrol, at Aksyon TV 5. Karamihan sa mga balita sa mga nabanggit na news program ay tungkol sa korupsiyon, kriminalidad, at mga maling gawain. Naglalaro lamang sa 0-3% ang mga balita na nakatuon sa military activities at 6-13% naman ang mga balita na may kinalaman sa *conflict, political controversy, at scandal*. Hindi rin nawawala sa mga dominanteng midyang ito ang mga balita na pumapaksa sa *showbiz, personal and private lives, entertainment, sports, weather disturbances and calamities, environmental concerns, at health concerns and warnings*. Hindi malayo ito sa deskripsiyon sa alternatibong midya na nagbabalita sila ng mga hindi napagtutuunan ng pansin ng mga dominanteng midya.

Sa usapin naman ng saklaw, 58% ay naglalaman ng mga pambansang usapin (*national concerns*) samantalang 42% ang tungkol sa mga lokal na isyu o mga balitang nakapokus sa mga partikular na komunidad,

probinsiya, o siyudad. Wala namang naitalang mga balita na may kinalaman sa ibang bansa. Sapagkat ang AlterMidya ay pambansang network ng mga alternatibong midya sa Pilipinas, hindi kataka-taka na pambansa rin ang saklaw ng karamihan sa mga pangyayari na ibinabalita nila. Subalit, marapat ding itala na bagaman mga isyung pambansa ang saklaw ng mga balita, nakaugat pa rin ito sa mga lokal na pangyayari o lunsaran pa rin ang mga lokal na pangyayari sa pagtalakay sa mga pambansang isyu. Mahalaga ring itala na ang mga kasaping network ng pambansang samahan ay nakabase sa mga partikular na lokalidad, sektor, o grupo ng tao tulad ng Radyo Sagada, Pokus Gitnang Luzon, Davao Today, Bicol Today, Panay Today, Manila Today, Baretang Bicolnon, Radyo Natin Guimba, at Farmers Development Center.

Ang uri naman ng *framing* na madalas gamitin ng AlterMidya sa mga *headline at lead* nito ay ang *attribution of responsibility frame* o katumbas ng 50% sa lahat ng sinuring balita. Ibig sabihin, sinisisi, itinuturo, o iniuugnay ang mga isyu at suliranin sa pamahalaan, sa isang tao, o sa isang grupo ng tao. Karaniwang inilalarawan ang pamahalaan sa mga sinuring balita bilang sanhi ng isang isyu o suliranin at dapat na umaksiyon o tumugon.

Sa pangkalahatan, lumabas na pinipili ng AlterMidya na isakonteksto ang mga balita mula sa pananaw, sitwasyon, at karanasan ng karaniwang tao o minoritya na palaging nakararanas ng karahasan, panggigipit, at pang-aabuso. Negatibo palagi ang imahen ng pamahalaan sa mga balita lalo pa’t karaniwang sa kanila isinisisi ang mga isyu, problema, o pangyayari na nararanasan ng lipunan o ng isang partikular na lugar, sektor, o grupo ng tao.

ANG PAMBANSANG NETWORK BILANG MANLILIKHA NG ALTERNATIBONG BALITA

Ang pagkakabuo ng AlterMidya noong 2014 ay patunay ng nagpapatuloy at mas lalong lumalakas na tradisyon ng rebolusyonaryo at alternatibong pamamahayag sa bansa na mauugat pa sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, nagpatuloy sa pananakop ng mga Amerikano at Hapon, hindi nagpatinag sa diktadura ng rehime ng Marcos, at hindi tumitigil hanggang sa kasalukuyang panahon. Nag-ugat pa ito sa kagustuhan ng mga bayaning tulad nina Del Pilar, Graciano Lopez-Jaena, Jose Rizal, at Andres Bonifacio na ilahad at ilarawan ang totoong estado ng bansa

sa ilalim ng mga Espanyol na mababanaag sa mga publikasyon ng *Diariong Tagalog, La Solidaridad*, at *Kalayaan* ng Katipunan. Ayon kay Teodoro, mayroon na ring mga pangkomunidad na publikasyon sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano at mga pahayagang tulad ng *El Renacimiento* at *Muling Pagsilang* na naglalahad ng mga argumento tungkol sa tunay na kalagayan na natatamo ng bansa sa ilalim ng mga mananakop (nasa *Module on Human Rights* 57). Sa panahon naman ng pananakop ng mga Hapon, masasalamang ang alternatibong midya sa paghahatid ng impormasyon ng mga gerilya at pahayagang *underground* hinggil sa estado ng giyera laban sa Axis Powers. Inilalarawan sa uri ng midyang ito ang tunay na karanasan o ang kahirapan ng mga Pilipino sa panahon ng kolonyalismong Hapon. Sa tala ni Canare: “*When one talks of the Philippine press, one almost automatically thinks of the traditional printed medium—the world of the Daily Express, Bulletin Today, Times Journal and other publications one can read without a tinge of apprehension, in one’s home, in the streets, or for that matter, anywhere: the legitimate or the overground press. But there is another Philippine press, one whose products can be read only surreptitiously, one that cannot be mentioned in public, one that is spoken of only in whispers but which nevertheless, is existent, just as real, and most significantly, is read: the underground press*” (2).

Samantala, umusbong naman ang mga terminong *alternative press* o *mosquito press* noong mga huling taon ni dating Pangulong Marcos (Encanto 79). Pinangunahan ito ng mga miyembro ng College Editors’ Guild of the Philippines (CEGP) na karamihan ay mga dating editor ng mga publikasyong pang-mag-aaral mula sa *Philippine Collegian, Ang Malaya, Ang Pandayan, Ang Hasik, at Balawis*. Sa tala pa rin ni Encanto, ang *We Forum* na itinatag ni Jose Burgos kasama ang mga kasapi ng CEGP ang unang alternatibong pahayagan. Sinundan ito ng *Pahayagang Malaya* at iba pang maliliit na pahayagan, magasin, at *news agency* na nais maglahad ng mga impormasyon tungkol sa mga paglabag sa karapatang-pantao, suliraning pangkapaligiran, estado ng ekonomiya, at iba pang mga isyu na hindi pinagtutuunan ng pansin ng midya na pinamamahalaan ng gobyerno (79). Subalit, marapat itala na hindi nangangahulugan itong sa mga huling taon lamang ng diktadurang Marcos nagkaroon ng alternatibong balita sapagkat mula pa sa unang bahagi ng pagpapatupad ng Martial Law, ang mga *underground press* tulad ng *Ang Bayan* at

Liberation ay kumondena na sa mga argumento ng rehimeng Marcos sa kalagayan ng bansa at naglahad na ng mga balita tungkol sa mga paglabag ng administrasyon sa karapatang-pantao. Gayundin, sa huling mga taon ni Marcos sa pagkapangulo ay bumuo ang Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) ng isang *news agency*, ang *Philippine News and Features*, na may tungkuling maghatid ng mga impormasyon tungkol sa nararanasang patayan, tortyur, at panggigipit sa mga Pilipino. Nabuo rin ang *Midweek* sa pangunguna ng mga concerned citizen na nais makapagbalita ng iba’t ibang pangyayaring panlipunan at hindi makapagtiis sa sensura at pagkontrol ng pamahalaan sa pangunahing *news agencies* sa bansa.

Sa kasalukuyan, hindi pa rin tumitigil ang mga alternatibong midya sa bansa (na karaniwang mga pangkomunidad na midya) sa mapanuring paglalahad ng iba’t ibang mga pangyayari sa lipunan upang malabanan ang mga bahid ng kolonyalismo at panunupil. Pinakamalawak nga sa mga ito ang network ng mga alternatibong midya na nagkaisa noong 2014. Sa panayam ng mananaliksik kay Rhea Padilla, pambansang tagapag-ugnay ng AlterMidya, bagaman hiwa-hiwalay, magkakaiba, at independiyente ang mga kasapi, hindi naging mahirap na simulan ang pagbuo ng pambansang network sapagkat iisa ang kanilang itinataguyod, layunin, at paraan ng pamamahayag. Mula sa mga paglalarawan sa 32 kasaping alternatibong midya, lumabas na paglilingkod sa mamamayan o sa mga sakop na komunidad sa pamamagitan ng mga mapanuring impormasyon at argumento ang pangunahing tuon nila. Walang kahit isa sa pambansang network ang *profit-oriented* o pagmamay-ari ng pribadong korporasyon, bagkus ay pinamamahalaan mismo ng mga karaniwang tao o sektor na may itinataguyod na adbokasiya. Palaging may nais na mapaglingkuran o mapaunlad na komunidad ang bawat *media outfit*, kaya palagi ring nakapokus sa mismong karanasan, pananaw, at tindig ng karaniwang tao, katutubo, marhinalisadong grupo o sektor na hindi napagtutuunan ng pansin ng mga dominanteng midya.

Gayundin, ayon pa rin kay Padilla, kaiba sa dominanteng midya na may sinusunod na herarkiya ng mga posisyon, pantay-pantay, kolektibo, at demokratiko ang sistema sa alternatibong midya. Sapagkat nakabase sa mga komunidad, sektor, o partikular na lugar, mismong mga kasapi, kinatawan, o

mamamayan din ng mga ito ang sama-samang nagtataguyod at namamahala sa bawat *media network*. Walang nag-iisang may-ari ang mga ito; sa halip, ang mga lider o tagapamahala ay pinili, inihalal, o pinagkasunduang manguna. Dahil dito, demokratiko, inklusibo, kolektibo, at *participatory* ang pagpapalano, pagdedesisyon, at pamamahala ng samahan. Ang *highest-level decision-making body* palagi ayon pa rin kay Padilla ay ang buong kaaniban.

Sa usapin ng pinansiya, hindi mahalaga para sa AlterMidya ang kita. Ang kalakhan ng pondong ginagamit upang matugunan ang mga pangangailangan sa pamamahayag ay nagmumula mismo sa komunidad, mga miyembro, o mga donasyon galing sa mga organisasyon na naniniwala sa mga itinataguyod ng isang alternatibong midya. Tinatanggihan ng network ang anumang uri ng ugnayan o *partnership* kung taliwas ito at makaaapekto sa kanilang itinataguyod o sa mismong proseso at kalikasan ng kanilang pamamahayag. Hinihikayat din ng AlterMidya ang mga karaniwang tao na nais maglahad ng mga alternatibong balita partikular ng mga karanasan, pangyayari, isyu, o pananaw na karaniwang hindi natatagpuan sa mga dominanteng midya. Ayon nga kay Padilla: “Hinihikayat namin ang ordinaryong mamamayan gaya ng mga magsasaka, katutubo, manggagawa, kabataan na maging mamamahayag o *community correspondents*. Pero tinitiyak naming mabibigyan sila ng *basic skills* sa *journalism* para maiangat ang istandard ng pamamahayag nila nang sa gayon ay matiyak ang wastong pamamahayag ng mga isyu ng mamamayan.”

Napakahalaga rin ng pagsasakonteksto, malalim na pagsusuri, at ng balidasyon sa pagbabalita ng mga nasa alternatibong midya sang-ayon sa personal na panayam kina Ellao at Uyanguren, mga mamamahayag ng AlterMidya. Binigyang diin nila na hindi natatapos ang kahulugan ng pamamahayag sa simpleng paglalahad ng impormasyon o pagsagot sa mga batayang katanungan na “ano,” “kailan,” “saan,” “bakit,” at “paano.” Sa halip, lumalampas ito sa pagsasakonteksto sa mga impormasyon batay sa mga naganap sa nakaraan, umiiral sa kasalukuyan, at maaaring mangyari sa hinaharap. Pagdidiin ni Ellao, hindi katulad sa dominanteng midya, walang hinahabol na *deadline* at itinatakdang bilang ng mga artikulo na kailangang maiprodyus sa bawat araw, linggo, buwan, o taon, kaya may sapat na oras para sa pananaliksik at *fieldwork* ang mga mamamahayag sa alternatibong

midya.

Dahil kaunti lang din ang mga mamamahayag at iilan lamang ang nais maging bahagi, nagsisikap ang mga mamamahayag ng AlterMidya na maging maalam sa lahat ng kasanayan na kailangan sa pamamahayag mula sa pagiging *cameraman*, *scriptwriter*, *reporter*, *director*, *videographer*, hanggang sa pagiging *editor*, *producer*, at iba pa. Pagbabahagi pa rin ni Ellao:

All-around ka kapag nasa alternative media ka. Mapiipilitan kang mag-video, mag-edit, maglathala, mag-social media... ikaw lang ‘yun mag-isa, magsusulat ka pa ng article. So nung time na ‘yun, awang-awa pa ‘ko sa sarili ‘ko. Fresh graduate, tapos makikita mo ‘yung mga dominant media, ang gaganda ng hitsura, ang gaganda ng gamit, may sasakyan, may driver, may audio person, may cameraman. Kami? Kami lahat ‘yun tapos pagkatapos nilang i-shoot ‘yun, ipapasa niya lang ‘yun sa editor ‘di ba? Tapos tapos na, uwi na siya. Meron pa siyang clothing allowance, tapos kami one-man team.

Sapagkat wala ring sapat na badyet na tatapat sa malaking perang nakalaan sa distribusyon ng mga dominanteng midya, nakasalig sa mga libre, mura, at bagong plataporma ang sistema ng distribusyon upang matugunan nito ang layunin na makapaglahad ng mga alternatibong impormasyon sa mga inaasahang tagapagtangkilik: 1) ang mga marhinalisadong pangkat, komunidad, o sektor na karaniwang *underrepresented*, *misrepresented*, o *unrepresented* sa mga naghaharing midya at, 2) ang publiko na ang pangunahing hanguan lamang ng impormasyon at perspektiba ay ang dominanteng midya.

Bukod dito, ibinahagi rin ng iba pang mga mamamahayag na nakapanayam subalit hiniling na hindi na sila pangalanan na nakararanas ang mga alternatibong mamamahayag ng samu’t saring uri ng karahasan, red-tagging, at nababansagan bilang “*enemies of the state*,” “rebelde,” “komunista,” at “maka-Kaliwa.” Ayon nga sa isa:

Syempre mas malaki ‘yung kinakaharap nung media sa kasalukuyan. Ano siya e, state sponsored talaga ang mga attacks. So definitely ‘yung challenge sa kaniya ngayon, paano iisang sagutin at i-defend ‘yung press freedom, ‘yung karapatan ng journalist, at nung kaniyang sources lalo

pa't kapag iba't iba ang bansag sa mga journalist sa alternative media.

ANG PAMBANSANG NETWORK BILANG PRODUKTO NG KALAGAYANG PANLIPUNAN

Ang pagkakaroon ng pambansang network ay nakaugat din sa hangarin ng bawat kasaping *media outfit* na matugunan ang tinawag ni Teodoro, pambansang tagapangulo ng AlterMidya, sa isang personal na panayam, na “krisis sa impormasyon” na umiiral sa Pilipinas:

I think there is an information crisis in the Philippines and the corporate media are not helping solve the problem. So kailangan mo ng more and more information particularly since ang damidaming problems and issues that need to be explained, and the sovereign people, Filipinos, are seriously misinformed if not disinformed. So kailangan mo talaga to try to address the information crisis, sa 'yun ang isang dahilan why we thought na we should talk to them and ask them [to form a national network]. Pumayag naman ang marami kaya nagkaroon nga ng founding conference noong October 2014 precisely because nga ang pakiramdam is that it's time to invigorate 'yung alternative media tradition which goes back a hundred years and particularly because meron kang problem with disinformation, misinformation, mal-information... so 'yun ang pangunahing dahilan, primarily because we have to deal with the information problems in the Philippines.

Sa paniniwala ng mga tagapagtaguyod ng alternatibong midya, ang “krisis sa impormasyon” na ito na nag-ugat sa laganap na *misinformation*, *disinformation*, at *mal-information* o karaniwang tinatawag na “fake news” ay matutugunan sa pamamagitan ng paglalahad ng mga mapanuring impormasyon na magtataas sa kamalayan ng mga mamamayan—at malaking bahagi nga sa paghubog ng kamalayang ito ang midya. Sa panayam at pagsusuring isinagawa ng mananaliksik sa ugnayan ng nilalaman at proseso ng produksiyon at interpretasyon ng AterMidya sa mga kontekstong historikal, sosyal, kultural, at politikal na umiiral sa Pilipinas, natuklasan ang sumusunod:

1. May “krisis sa impormasyon” na umiiral sa bansa na nag-ugat sa laganap na *misinformation*, *disinformation*, at *mal-information* at pinatitingkad pa ng *social media*. Tinutugunan ito ng AlterMidya sa pamamagitan ng paglalahad ng mga mapanuring impormasyon na maaaring magtaas sa kamalayan ng mga mamamayan lalo pa't ang pangunahing layunin ng samahan ay tugunan ang kakulangan o kalabihan ng mga dominanteng midya sa pamamahayag dahil sa interes sa kita o makanegosyong kalakaran.
2. Binibigyan ng boses o platapormang makapagsalita ng AlterMidya ang mga karaniwang mamamayan o marhinalisadong grupo, komunidad, at sektor na karaniwang hindi itinatampok sa mga dominanteng midya. Mas madali para sa AlterMidya na itampok at magsilbing balon ng mga pananaw, karanasan, o sitwasyon ng mga karaniwang tao o ng mga mamamayan na nasa laylayan ng lipunan sapagkat galing at bahagi rin ng karaniwang tao at mga marhinalisadong grupo, komunidad, at sektor ang mismong mga mamamahayag o ang samahan sa kabuuan. Sa madaling salita, ang AlterMidya ay mula sa karaniwang tao, pinatatakbo ng karaniwang tao, at para din sa karaniwang tao, kaiba sa dominanteng midya na itinatag ng mga negosyante, pinatatakbo ng mga negosyante, at para sa negosyo o kita ng mga negosyante.
3. May hegemonya sa midya na umiiral sa Pilipinas. Kontrolado ng duopoly ng ABS-CBN at GMA7 ang midya na hawak ang 80% ng kabuuang *audience share* sa bansa at nakaapekto sa opinyon, paniniwala, pananaw, at gawi ng mga Pilipino, batay sa ulat ng Media Ownership Monitor Philippines noong 2016 (“A Tale of Two Conglomerates”). Subalit, sa gitna ng hegemonya na ito, isinilang at nabuhay ang mga alternatibong midya na nagsilbi hindi lamang bilang pamalit sa mga naghaharing midya bagkus ay bilang kontra-gahum sa makapangyarihang pamamayani ng mga ito.
4. Sa kasalukuyan, humaharap sa samu't saring uri ng pang-aabuso, panggigipit, at pagbabanta ang midya sa bansa. May nakababahalang pagtaas ng kaso ng patayan, atake, pananakot, at karahasan laban sa mga mamamahayag at organisasyong pangmidya, at karamihan sa mga ito ay mula sa mga publikong opisyal o

ahente ng estado ayon sa tala ng Philippine Center for Investigative Journalism. Maging ang malalaking organisasyong pangmidya tulad ng ABS-CBN, Rappler, at Philippine Daily Inquirer ay hindi nakaliligtas sa mga panggigipit na ito.

5. Sapagkat kritikal sa mga isyung panlipunan at sa mga aksiyon na ipinatutupad ng pamahalaan, pinupuntirya ang mga alternatibong midya ng mga organisado at ginastusang atake sa mga *online news website* nito. Palaging binabansagan ang AlterMidya bilang “maka-Kaliwa,” “komunista,” at “kalaban ng estado.” Ang red-tagging at mga cyber-attack na ito ay nagdadala ng matinding panganib sa mga mamamahayag o nagiging dahilan ng mismong pagkasawi nila.
6. May *culture of impunity* na umiiral sa bansa at itinuturing itong pinakamatinding banta sa kalayaan sa pamamahayag. Bagaman pinoprotektahan ng Konstitusyon ang kalayaang magsalita at magpahayag, napakaraming naitalang paglabag sa karapatang ito at iilan lamang ang nararurusahan. Sa kabila nito ay hindi natinag at natakot ang mga alternatibong midya na labanan ang mapang-abusong kulturang ito at nanatiling matatag sa pagtataguyod ng mga paninindigan kahit pa manganib mismo ang kanilang mga buhay.
7. Hindi lamang nakakulong sa paglalahad ng mga kontra-naratibo sa mga nangingibabaw na kuwento ang AlterMidya, bagkus, gumagampan ito ng isang malaking tungkulin sa pagsulong ng komunidad, pagbabago ng lipunan, at pagbuo ng isang bansa. Bahagi ang mga alternatibong midya sa malawak na kilusang panlipunan na naghahangad ng tunay na pagbabago para sa bayan. Hindi lamang ito masasalamain sa mga artikulong inilalathala nito kung hindi higit sa mga tagapagtaguyod at mamamahayag nito na hindi lang din mamamahayag sa propesyon bagkus ay mga tagapagtaguyod ng iba’t ibang adbokasiya at mga lider ng mga progresibong samahan.
8. Sapagkat limitado ang saklaw at naaabot ng mga alternatibong midya hanggang sa kasalukuyan, nais nitong palakasin ang paglahok ng mga mamamayan sa pagbuo ng mga diskurso hinggil sa bayan. Naniniwala kasi ang network na ang pinakamagandang bersiyon ng anumang balita o istorya ay ang bersiyon

mismo ng mga nakaranas nito. Kaya nga sa kasalukuyan, ang direksiyon na nais tahakin ng pambansang network ay ang pagpapatibay o pagpapaunlad sa pakikisangkot ng mga mamamayan sa mga isyung pangkomunidad na tuwirang nakaaapekto sa kanila at ang pagtataguyod sa pamamahayag bilang bahagi ng buhay ng tao. Ito ay para sa lahat, at maaaring matutuhan ng lahat.

KONGKLUSYON: ANG ALTERNATIBO SA ALTERNATIBONG MIDYA

Ginagawang alternatibo ng AlterMidya- People’s Alternative Media Network ang pamamahayag sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagtaliwas sa hegemonya na umiiral sa midya. Bumabaklas ang mga alternatibong midya sa makanegosyong kalakaran, nilalalan, at proseso na umiiral sa mga dominanteng midya at bumubuo ng sariling sistema, kultura, at tradisyon. Inilalarawan ng pambansang network ang lipunan sa pananaw ng mga marhinalisadong pangkat, komunidad, o sektor na karaniwang *underrepresented*, *misrepresented*, o *unrepresented* sa mga naghaharing midya. Nais ng AlterMidya na itampok ang istorya, karanasan, at pananaw ng minorya dahil sa sumusunod na dahilan: 1) Ang nagtatag, nagpapakat, at namamahala sa mga alternatibong midya ay mga kasapi rin ng isang komunidad o sektor na ang layunin ay nakaugat sa pagpapaunlad, pagtataguyod, at pag-aangat sa buhay ng kanilang mismong komunidad o sektor na kinabibilangan; 2) Karaniwang hindi naitatampok ng dominanteng midya ang mga nasa minorya o kung nababanggit man ay hindi sapat ang espasyo na nailalaan, hindi tama ang nagiging paglalarawan, at hindi angkop na naisasakonteksto ang kanilang tinig sapagkat karaniwang ibinabatay lamang ang mga ito sa mga naging pahayag ng mga nasa mayorya; 3) Sapat na ang espasyong ibinibigay sa mga nasa mayorya kaya marapat na magkaroon naman ng mga plataporma upang itampok ang karanasan, paninindigan, at pananaw ng mga nasa minorya; 4) Nais ng mga nasa alternatibong midya na maging balon ng samu’t saring kuwento ng mga magsasaka, mangingisda, *tricycle driver*, magbubukid, manggagawa, migrante, katutubo, kababaihan, at iba pang mga ordinaryong mamamayan upang sa susunod na panahon ay hindi na lamang basta malimutan ang mga istorya nila bagkus ay maitala at maipaalam sa mga susunod na henerasyon; at, 5) Nakikita ng mga

alternatibong midya ang mga nasa minorya bilang tagapagdala ng “katotohanan” o tunay na nangyayari sa lipunan na kadalasan ay napa-filter, nase-censor, at nae-edit sa ngalan ng kita o personal na interes. Ibig sabihin, naniniwala ang pambansang network na nailatag na ng dominanteng midya ang sariling “bersiyon ng realidad” ng mga nasa “mayorya” kaya marapat namang mailahad ng mga alternatibong midya ang bersiyon ng katotohanan para sa mga nasa “minorya.”

Samantala, karaniwan namang nakapokus ang mga balita ng AlterMidya sa terorismo, militarisasyon, pambansang seguridad, o usapang pangkapayapaan. Naniniwala kasi ang pambansang network na may mga impormasyon, *press release*, at *claim* na ibinabalita ang mga nangungunang midya na kailangang linawin sapagkat karaniwang nakakiling lamang sa mga argumento ng mga opisyal, militar, o ng administrasyon at hindi nagtatampok ng istorya, saloobin, at panig ng mga progresibo o maka-Kaliwang grupo o ng mismong mga nakaranas ng terorismo, militarisasyon, at mga engkuwentro.

Mula sa mga balita na inilalabas ng pambansang network hanggang sa proseso ng produksiyon at interpretasyon na umiiral ay konsistent ang samahan sa pagtugon sa layunin at paninindigan nito na: 1) mapalakas at mapag-isa ang boses ng maliliit subalit progresibo at malalayang uri ng midya; 2) makapaglahad ng impormasyon na hindi natatagpuan sa dominanteng midya; 3) magsilbing balon ng mga kuwento ng mga karaniwang tao o ng mga nasa laylayan ng lipunan, masugpo ang krisis sa impormasyon na umiiral sa Pilipinas; 4) maitaas ang kamalayan, pakikisangkot, at pagtugon ng mga mamamayan sa mga balita, isyu, at suliranin na tuwirang nakaaapekto sa buhay ng mga Pilipino; at, 5) maipagpatuloy ang rebolusyonaryong tradisyon ng mga alternatibong midya sa Pilipinas. Ang layunin at paninindigang ito ay konsistent na mababakas sa teksto at mga gawing pandiskurso ng AlterMidya sa gitna ng samu’t saring isyu at kondisyong panlipunan na bumuo at patuloy na bumubuo sa bawat alternatibong midya at sa Pilipinas sa kabuuan. Malinaw na ang pamamahayag ng pambansang network ay maka-Pilipino sapagkat palagi itong nakasandig sa hangarin na makamit ng lipunan sa pamamagitan ng mapanuring pamamahayag ang pagbabago na kailangan at dapat para sa bawat mamamayang Pilipino. Gayundin, hindi lamang basta nakakulong ang samahan sa paglalahad ng

mga kontra-naratibo sa mga nangingibabaw na kuwento. Sa halip, gumagampan ito ng isang malaking tungkulin sa gitna ng nararanasang krisis sa impormasyon ng bansa, sa pagsulong ng komunidad, at sa samu’t saring isyu at suliraning umiiral sa lipunang Pilipino. ♦

MGA SINIPING AKDA

- “A Tale of Two Conglomerates.” *Philippines.mom-rsf.org*. Media Ownership Monitor Philippines, n.d. Web. 24 Feb. 2022. <<https://philippines.mom-rsf.org/en/owners/companies/abs-cbn-and-gma7/>>.
- “AlterMidya – People’s Alternative Media Network.” *AlterMidya.net*. AlterMidya, n.d. Web. 20 En. 2020. <<https://www.altermidya.net>>.
- Atton, Chris. *Alternative Media*. SAGE Publications, 2002. Limbag.
- Canare, Jorge de Guzman. *The Underground Press of the Philippines: History, and Nature*. UG thesis. U of the Philippines, 1984. Limbag.
- Ellao, Janess Ann. Personal na panayam. 26 Agosto 2019.
- Encanto, Georgina Reyes. *The Community Press and its Revolutionary Tradition*. The University of the Philippines Press, 2019. Limbag.
- Fairclough, Norman. *Language and Power*. London: Longman, 1989. Limbag.
- Flores, Eden Regala. “Manipulation in Philippine News Reporting: Real or Imagined?” *Investigative Journalism Education Consortium*, 6 Pebrero 2016. Web. 29 Mar. 2020. <ijec.org/2016/02/06/manipulation-in-philippine-news-reporting-real-or-imagined/>.
- Fuchs, Christian. “Alternative Media as Critical Media.” *European Journal of Social Theory* 13.2 (2010): 173–192. *Research Gate*. Web. 29 Ag. 2020. <www.researchgate.net/publication/240705469_Alternative_Media_as_Critical_Media>.
- Haas, Tanni. “Alternative Media, Public Journalism, and the Pursuit of Democratization.” *Journalism Studies* 5.1 (2004): 115–121. *Taylor and Francis Online*. Web. 12 Abr. 2020. <www.tandfonline.com/doi/s/10.1080/1461670032000174783?journalCode=rjos20>.
- Ilda. “Some members of mainstream media are the real enemies of the Filipino people.” *Get Real Post*, 29 En. 2018. Web. 15 Feb. 2021. <<https://www.getrealphilippines.com/2018/01/members-mainstream-media-real-enemies-filipino-people/>>.
- Klawier, Tilman, Prochazka, Fabian, and Schweiger, Wolfgang. “Public Knowledge of Alternative Media in Times of Algorithmically Personalized News.” *New Media & Society* (2021): 1–20. *SAGE Publications*. Web. 30 Mar. 2020. <doi:10.1177/14614448211021071>.
- Labrido, Estelle Marie. *Magandang Gabi Bayan: Nation, Journalism Discourse, and Television News in the Philippines*. Ateneo de Manila University Press, 2017. Limbag.
- Lilburn, Jeff. “Alternative Media Guide: What is the Alternative Media.” Mount Allison University Libraries and Archives, 2022. Web. 21 Feb. 2022. <http://libraryguides.mta.ca/alternative_media>.
- Machin, David, and Andrea Mayr. *How to Do Critical Discourse Analysis: A Multimodal Introduction*. Los Angeles: SAGE, 2012. Limbag.
- Martin, M. G. “Filipinos among world’s most trusting consumers of mainstream media.” *Philippine Lifestyle News*, 2018. Web. 14 Feb. 2021. <<https://philippineslifestyle.com/mainstream-media-trusted-philippines/>>.
- Module on Human Rights Reporting for Filipino Journalists*. Alipato Media Center, 2018. Limbag.
- Narvaez, Eilene Antoinette G. *Sawikaan: Isang Dekada ng Pagpili ng Salita ng Taon*. Metro Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, Komisyon sa Wikang Filipino, 2015. Limbag.
- Padilla, Rhea. Personal na panayam. 23 Agosto 2019.
- “State of Philippine Media, under Duterte.” *Philippine Center for Investigative Journalism*, 3 Mayo 2019. Web. 18 Hun. 2020. <pcij.org/article/1596/the-state-of-philippine-media-under-duterte>.
- Teodoro, Luis V. *Divide by Two*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2016. Limbag.
- . Personal na panayam. 18 Disyembre 2019.
- Uyanguren, Edge Balangauan. Personal na panayam. 26 Agosto 2019.
- van Dijk, Teun A. “News Analysis: Case Studies of International and National News in the Press.” Lawrence Erlbaum Associates, 1988. Web. 29 Mar. 2020. <www.academia.edu/7167235/News_Analysis_case_studies_-_Van_Dijk>.

- . "News as Discourse." New Jersey: Lawrence Erlbaum Associates, 1988. Web. 30 Mar. 2020. <<http://www.discourses.org/OldBooks/Teun%20A%20van%20Dijk%20-%20News%20as%20Discourse.pdf>>.
- . "Structures of News in the Press." *Discourse in Society*, 1985. Web. 29 Mar. 2020. <<http://www.discourses.org/OldArticles/Structures%20of%20news%20in%20the%20press.pdf>>.

- Waltz, Mitzi. *Alternative and Activist Media*. Edinburg University Press, 2005. Limbag.
- Wodak, Ruth, and Michael Meyer. "Critical Discourse Analysis: History, Agenda, Theory and Methodology." *Methods of Critical Discourse Analysis*. Ed. Ruth Wodak and Michael Meyer. Los Angeles: SAGE, 2009: 1-33. Limbag.



Si CHRISTIAN P. GOPEZ ay fakulti at Research Coordinator sa Departamento ng Senior High School ng De La Salle University Manila. Siya ay nagtapos ng kursong BSE-Filipino at Diploma in Teaching Reading bilang Magna Cum Laude at Balagtas Awardee sa Philippine Normal University Manila. Natamo niya ang Master of Arts in Philippine Studies – Language, Culture, and Media sa De La Salle University at nakamit ang mga parangal na Outstanding MA Thesis at Outstanding Contribution to the Department. Kasalukuyan niya ring tinatapos ang PhD in Philippine Studies sa parehong unibersidad. Pinarangalan siya ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino noong 2020 ng Gawad PSLLF sa Saliksik para sa kaniyang MA tesis tungkol sa alternatibong midya sa bansa. Maaari siyang makontak sa christian.gopez@dlsu.edu.ph.